

Modyul 16

Pagsusuri ng Akda Batay sa Teoryang Eksistensyalismo at Elemento Nito



Tungkol saan ang modyul na ito?

Mabuhay! Narito akong muli upang gabayan ka sa dalawang akda na iyong pag-aaralan at susuriin. Kung naibigan mo ang mga nakaraang aralin, matutuwa ka naman sa dula na babasahin mo ngayon na pinamagatang “Sa Pula, Sa Puti”. Ito’y isang komedya. Ang komedya ay isang dulang nagpapatawa, nang-aaliw at may masayang wakas. Sa pamagat pa lang ay matutukoy mo na ito’y tungkol sa sabong. Ang sabong ay ang paglalaban ng dalawang manok na tandang na nilalagyan ng tari. Ang tari ay isang matulis na patalim na inilalagay sa paa ng panabong na manok. May pusta o taya sa sabong. Panalo ang may taya sa nagwaging manok.

Ang ikalawang akda na iyong babasahin ay isa namang maikling kuwento na pinamagatang “Matigas ang Ulo” ni Mar Al Tiburcio. Ito’y tungkol din sa ipinagbabawal na sugal ang Beto-beto. Ito’y isang uri ng sugal na ginagamitan ng tatlong dais na tinatakpan at kinakalog at ang mga nakataya sa numero na lumabas sa dais ang siyang mananalo.

Ang dalawang akdang ito ay kapwa mo kapupulutan ng aral. At siyempre naghanda pa rin ako ng iba’t ibang gawaing hahamon sa iyong kakayahan at isipan. Ngunit huwag kang mag-alala tutulungan kita. Magiging magaan ang mga ito at madali mong mauunawaan.



Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba’t ibang genre ng panitikan.



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Malaking tulong ang maibibigay sa iyo ng modyul na ito. Patnubay mo ito sa pansariling pagkatuto. Kaya upang maging maayos at epektibo ang iyong pag-aaral, sundin mo ang mga sumusunod na tagubilin.

1. Sagutin mo ang panimulang pagsusulit o ang bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo?. Ito’y gabay upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong sagot. Kung magkaroon ka man ng maraming mali, huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.
3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga aralin.
4. Gawin at sundin mo ang mga panuto.
5. Isulat mo ang iyong sagot sa hiwalay na papel o notbuk.
6. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay?. Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.
7. Maging matapat ka sa pagsagot at pagwawasto ng iyong mga gawa.
8. Ingatan ang modyul na ito. Panatilihin mong walang punit ang bawat pahina.



Ano na ba ang alam mo?

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Nagmamadali si Kulas dahil sa may katrato siya sa susunod na sultada. Ang kahulugan ng salitang may salungguhit ay ____
 - a. labanan
 - b. karera
 - c. bilang
 - d. petsa
2. Sa kasasabong ni Kulas ay baka dumating ang araw na magdidildil na lamang kami ng asin. Ang may salungguhit na pahayag ay nangangahulugang ____
 - a. kumain ng asin
 - b. magkasakit
 - c. magtiis ng hirap
 - d. di kumain
3. Kinakatkat ng mura ng ama nang umagang iyon ang kanyang anak. Ang kahulugan ng kinakatkat ay ____

- a. pinagagalitan
 - b. pinagmumura
 - c. hinahamak
 - d. dinuduro
4. Ang malimit na matalo sa sabong ay si _____
- a. Celing
 - b. Teban
 - c. Kulas
 - d. Castor
5. Ang nagturo kay Kulas ng paraan upang manalo ang tinali nito ay si _____
- a. Teban
 - b. Sioning
 - c. Castor
 - d. Celing
6. Ang nagpahuli sa sugalan ay ang _____
- a. Ina
 - b. Ama
 - c. Lola
 - d. Kapitan ng Barangay
7. Ang tinutukoy sa akda na matigas ang ulo ay ang _____
- a. Anak
 - b. Ina
 - c. Ama
 - d. Lola
8. Pinatunayan sa akdang “Sa Pula, Sa Puti” na _____
- a. ang pagsusugal ay paggawa ng desisyon
 - b. ang pandaraya ay di magtatagumpay
 - c. nasa pagsusugal ang pagtanggap sa anumang kahihinatnan nito
 - d. lahat ng nabanggit
9. Kung ibig mong guminhawa ang buhay o magkaroon ng grasya / swerte. Ano ang gagawin mo?
- a. Magsisikap at magtitiyaga
 - b. Hihingi ng tulong sa magulang
 - c. Mananalangin sa Diyos
 - d. Tataya sa Lotto
10. Bakit nalilihis ng landas ang mga kabataan??
- a. dahil sa nakikitang halimbawa sa matatanda
 - b. dahil sa lumaki ito sa mga lola at lolo
 - c. dahil sa di nakapag-aral
 - d. dahil sa mga magulang

- Iwasto mo ang iyong mga sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.



Aralin 1: Sa Pula, Sa Puti?

Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod sa kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga natatanging pahayag na ginamit sa akda.
2. Nailalahad ang mahahalagang detalye sa akda.
3. Nasusuri ang akda batay sa mga bahaging nagpapakita ng pagbubuo ng desiyon at pagtanggap ng kinahinatnan.
4. Natutukoy ang mga masasamang epekto ng pagsusugal sa indibidwal at sa pamilya.
5. Nakabubuo ng isang maikling talatang nauukol sa epekto ng pagsusugal.



Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin mo ...

Ano ang inilalarawan sa mga sumusunod:



Bakit maraming Pilipino ang nahihilig sa sugal? May kaugnayan sa isa sa mga sugal na ito ang babasahin mong akda.

Kaya kung handa ka na, basahin mo na.

2. Basahin mo ...

Sa Pula, Sa Puti Ni Francisco 'Soc' Rodrigo

- KULAS : A... hem! E, kumusta ka ngayong umaga, Celing
- CELING : Mabuti naman, Kulas. Salamat at naalala mo akong kumustahin.
- KULAS : Si Celing naman, bakit naman ganyan ang sagot mo sa akin?
- CELING : Sapagkat pagkadilat ng mga mata mo sa umaga, wala ka nang iniisip kumustahin at himasin kundi ang iyong tinali. Tila mahal mo ang tinali mo kaysa sa akin.
- KULAS : Ano ka ba naman, Celing, wala ng mas mahal pa sa akin sa buhay na ito kundi ang asawa. (Ilalagay ang kamay sa balikat ni Celing).
- CELING : Siya nga ba? Ngunit kung nakikita kong hinihimas mo ang iyong tinali, ibig ko ng kung minsang mainggit at magselos.
- KULAS : Nguni't Celing, alam mo namang kaya ko lamang inaalagaang mabuti ang mga tinaling iyon ay para sa atin din. Sila ang magdadala sa atin ng grasya.
- CELING : Grasya ba o disgrasya, gaya ng karaniwang nangyayari?
- KULAS : Huwag mo sanang unghatin ang nakaraan. Oo, ako nga'y napagtalo noong mga nakaraang araw, sapagkat noon ay hindi pa ako bihasa sa pagpili at paghimas ng manok. Ngunit ngayon ay marami na akong natutuhan, mga bagong sistema.
- CELING : At noong nakaraang Linggo, noong matalo ang iyong talisain, hindi mo pa ba alam ang mga bagong sistemang iyan.
- KULAS : Iyon ay disgrasya lamang, Celing, makinig ka. Alam mo, kagabi ay nanaginip ako. Napanaginipan kong ako'y hinahabol ng isang kalabaw na puti. Kalabaw na puti, Celing!
- CELING : E ano kung puti?
- KULAS : Ang pilak ay puti, samakatuwid ang ibig sabihin ay pilak. At ako'y hinahabol... Hinahabol ako ng pilak... ng kuwarta!
- CELING : Ngunit ngayon ay wala ng kuwartang pilak.
- KULAS : Mayroon pa, nakabaon lang. Kaya walang duda, Celing. Bigyan mo lamang ako ng limang piso ngayon ay walang salang magkakakuwarta tayo.
- CELING : Ngunit Kulas, hindi ka pa ba nadadala sa mga panaginip mong iyan? Noong isang buwan, nanaginip ka ng ahas na numero 8. Ang pintakasi noon ay nataon sa a-8 ng Pebrero, at sabi mo'y kuwarta na ngunit natalo ka ng anim na piso.
- KULAS : Nagkamali ako sa pakahulugan ng numero 8. Ang kailangan pala ay sa ikawalong sultada ako pumusta.
- CELING : At nagkamali ka rin ba noong managinip ka ng pusang pula? Pinustahan mo ang manok na pula at nadisgrasya na naman ang walong piso, at ngayon ay kalabaw na puti.

KULAS : Oo nga, ngunit ang batayan ko ngayon ay hindi lamang panaginip. Pinag-aralan kong mabuti ang kaliskis at ang tainga ng manok na ito. Ito'y walang pagkatalo, Celing. Ipinapangako ko sa iyo, walang salang tayo ay mananalo.

CELING : Kulas, natatandaan mo bang ganyang-ganyan din ang sabi mo sa akin noong isang Linggo tungkol sa manok mong talisain? At ano ang nangyari? Nagkaulam tayo ng pakang na manok.

KULAS : Sinabi ko nang iyon ay disgrasya! (Maririnig uli ang sigawan sa sabungan. Maiinip si Kulas) Sige na, Celing. Ito na lamang. Pag natalo pa ang manok na ito, hindi na ako magsasabong.

CELING : Totoong-totoo?

KULAS : Totoo, sige na, madali ka at nagsusultada na. Sige na, katrato ako sa susunod na sultada. Pag hindi ako dumating ay kahiya-hiya. (Titingnan ni Celing ang pagkabalisa ni Kulas at maiisip na walang saysay ang pakikipagtalo pa, iiling-iling na dudukot)

CELING : O, buweno, kung sa bagay, tagatago lamang ako ng pera. O heto. Huwag mo sana akong sisihin kung nauubos ang kaunting pinagbilhan ng ating palay.

KULAS : (Kukunin ang salapi) Huwag kang mag-alala, Celing, ito'y kuwarta na. Siguradong-sigurado! O, buweno, diyan ka muna. (Magmamadaling lalabas si Kulas, ngunit masasalubong si Sioning sa may pintuan.)

SIONING : Kumusta ka, Kulas?

KULAS : (Nagmamadali) Kumusta...e...eh, Sioning didispensahin mo ako. Ako lang ay nagmamadali. Eh...este...eh... nandiyan si Celing...Celing! Heto si Sioning. Buweno diyan ka na. (Lalabas si Kulas.)

CELING : Ay, Sioning, masahol pa sa sunog ang pupuntahan. Pupunta na naman sa sabungan.

SIONING : Celing talaga bang...

CELING : Sandali lang ha, Sioning. (Sisigaw sa gawing kusina) Teban! Teban! Teban!

TEBAN : (Masunurin ngunit may kahinaan ang ulo) Ano po iyon, Aling Celing?

CELING : (Kukuha ng limang piso sa bulsa at ibibigay kay Teban) O, heto, Teban, limang piso. Nagpunta na naman ang amo mo sa sabungan. Madali, ipusta mo ito. Madali at baka mahuli!

TEBAN : (Nagmamadaling itinulak ni Celing sa labas)

SIONING : (Lalabas si Teban) Ipusta ang limang piso! Ano ba ito, Celing, ikaw man ba'y naging sabungera na rin? (Magugulat)

CELING : Si Sioning naman. Hindi ako sabungera! Ngunit sa tuwing magsasabong si Kulas ay pumupusta rin ako.

SIONING : A... Hindi ka sabungera, ngunit pumupusta ka lamang sa sabong? Hoy, Celing, ano ba ang pinagsasabi mo?

CELING : O, buweno, Sioning, maupo ka't ipaliliwanag ko sa iyo. Ngunit huwag mo namang ipaalam kaninuman.

SIONING : Oo, huwag kang mag-alala sa akin.

CELING : Alam mo, Sioning, ako'y pumupusta sa sabong upang huwag kaming matalo.

SIONING : Ay, pumupusta ka sa sabong upang huwag kayong matalo. Celing, pinaglalaruan mo yata ako.

CELING : Hindi. Alam mo'y marami kaming nawawalang kuwarta sa kasasabong ni Kulas. Nag-aalala akong darating ang araw na magdidildil na lamang kami ng asin. Pinilit kong siya'y pigilin. Ngunit madalas kaming magkagalit. Upang huwag kaming magkagalit at huwag maubos ang aming kuwarta, ay umisip ako ng paraan. May

isang buwan na ngayon, na tuwing pupusta si Kulas sa kaniyang manok ay pinapupusta ko si Teban sa sabungan upang pumusta sa manok ng kalaban.

SIONING : (May kahinaan din ang ulo) Sa anong dahilan?

CELING : Puwes, matalo ang manok ni Kulas ay nanalo ako. At kung ako nama'y matalo ay nanalo si Kulas, kaya't anuman ang mangyari ay hindi nababawasan ang aming kuwarta.

SIONING : Ay siya nga. Siya nga pala naman. (Mag-uumpisang maririnig ang sigawan buhat sa sabungan.)

CELING : Hayan, nagsusultada na marahil. Naku sumasakit ang ulo ko sa sigawang iyan.

SIONING : Ikaw kasi, eh. Sukat ka bang pumili ng bahay sa tapat ng sabungan.

CELING : Ano bang ako ang pumili ng bahay na ito. Ang gusto kong bahay ay sa tabi ng simbahan, ngunit ang gusto ni Kulas ay sa tabi ng sabungan.

SIONING : (Lalong lalakas ang sigawan). Ah, siya nga pala, Celing, naparito ako upang ibalita sa iyo na dumating na ang rasyon ng sabon sa tindahan ni Aling Kikay. Baka tayo maubusan.

CELING : Ay salamat at nagkasabon na rin. Makapaglalaba na ako.

SIONING : Ngunit baka tayo maubusan.

CELING : Hindi, siyempre ipagtitira tayo ni Aling Kikay. Sayang lamang ang pagkukumare namin. (Dudungaw si Celing) O heto na nga si Teban. Tumatakbo. (Papasok si Teban na may hawak na dalawang lilimahan).

TEBAN : (Tuwang-tuwa) Nanalo tayo, Aling Celing, nanalo tayo! (Ibibigay ang salapi kay Aling Celing. Agad-agad namang itatago ito.)

CELING : Mabuti, Teban, o magpunta ka na sa kusina. Baka dumating na si Kulas ay mahalata ang ating ginagawa. (Magmamadaling lalabas si Teban.)

SIONING : O, buweno, lumakad na tayo, Celing (Kukunin ni Celing ang tapis niyang nakasampay sa isang silya. Aalis na sila. Papasok si Kulas na tila walang kasigla-sigla.)

CELING : Ano ba, Kulas, tila hindi ka inabutan ng kalabaw na puti.

KULAS : (Mainit ang ulo) Huwag mo ngang banggitin iyan. Talagang ako'y malas. Celing, iyo'y disgrasya lamang. Ang aking manok ay nananalo hanggang sa huling sandali. Talagang wala akong suwerte!

CELING : Iyan ang hirap sa sugal, Kulas, walang pinanghahawakan kundi suwerte!

KULAS : Talagang buwisit ang sabong! Isinusumpa ko na ang sabong! Ni ayaw ko nang makita ang anino ng sabungang iyan.

CELING : Nawa'y magkatotoo na sana iyan, Kulas.

KULAS : Oo, Celing, ipinapangako ko sa iyo, hindi na ako magsasabong kailanman.

CELING : Buweno, magpalamig ka muna ng ulo. Pupunta lang kami kay Kumareng Kikay upang bumili ng sabon. (Lalabas sina Celing at Sioning. Sisindahan ang natitirang kalahati ng sigarilyo, hihitit at pagkatapos ay ihahagis sa sahig ang natitira at papadyakan. Pupunta sa isang silya at uupong may kalumbayan.)

CASTOR : Hoy, Kulas kumusta ka?

KULAS : Ay, Castor... at lagi na lamang akong natatalo. Talagang ako'y malas! Akalain mo bang kanina'y natalo ako? Tingnan mo lang, Castor. Noong magsagupaan ang mga manok ay lumundag agad ang manok ko at pinalo nang pailalim ang kalaban. Nagbuwelta pareho, at nagigirian na parang boksingero. Biglang sabay na lumundag at nagsagupaan sa hangin. Palo diyan, palo dini ang ginawa ng aking manok. Madalas tamaan ang kalaban, ngunit namortalan. Sige ang batalya nila sa hangin, at

tumaas ang balahibo. Unang lumagpak ang aking manok. Walang sugat at patayo, ngunit alam mo kung saan lumagpak?

CASTOR : O saan?

KULAS : Sa tari ng kalaban. Talagang ayaw ko na ng sabong.

CASTOR : Bakit naman? Wala pa namang maraming natatalo sa iyo.

KULAS : Ano bang walang marami? Halos, tutong na lamang ang natitira sa aming natitipon.

CASTOR : Ngunit hindi tamang katwiran ang huwag ka nang magsabong.

KULAS : Ano bang hindi tama?

CASTOR : Sapagkat pag hindi ka na nagsabong ay talagang patuluyan nang perdita ang kuwartang natalo sa iyo. Samantalang kung ikaw ay magsasabong pa maaaring makabawi?

KULAS : Hindi, Castor, lalo lamang akong mababaon. Tama si Celing. Ang sugal ay suwerte-suwerte lamang, at masama ang aking suwerte.

CASTOR : Ano bang suwerte-suwerte? Iyan ay hindi totoo. Tingnan mo ako, Kulas, hindi ako natatalo sa sabong.

KULAS : Mano ngang magtigil ka Castor, kung hindi sana nakikita na ang lahat ng manok mo ay laging nakabitin kung iuwi.

CASTOR : Itong si Kulas, nabastos ka na nga pala sa huwego. Oo, natatalo nga ang aking manok ngunit nananalo ako sa pustuhan!

KULAS : Nguni't paano iyan?

CASTOR : Taong ito... pumupusta ako, hindi sa aking manok, kundi sa kalaban.

KULAS : Eh kung magkataong ang manok mo ang manalo.

CASTOR : Hindi maaaring manalo, ang aking manok, ginagawan ko ng paraan.

KULAS : Hoy, Castor, paano mangyayari iyan?

CASTOR : Talaga bang gusto mong malaman?

KULAS : Aba, oo. Sige na.

CASTOR : O, buweno, kunin mo ang isa sa iyong tinali at ipaliliwanag ko sa iyo.

KULAS : Kahit ba alin sa aking mga tinali?

CASTOR : Oo, kahit alin, sige kunin mo. (Lalabas si Kulas patungo sa kusina. Babalik na may dalang tinali.)

KULAS : (Ibibigay ang tinali kay Castor) O heto, Castor.

CASTOR : Ngayon, kumuha ka ng isang karayom.

KULAS : Karayom!

CASTOR : Oo, karayom. Iyong ipinananahi!

KULAS : Ah... (Pupunta sa kahong kinalalagyan ng panahi ni Celing at kukuha ng isang karayom.) O heto ang karayom.

CASTOR : (Hawak ang tinali sa kaliwa at ang karayom sa kanan.) O halika rito at magmasid ka. Ang lahat ng manok ay may litid sa paa na kapag iyong dinuro ay hihina ang paa. Tingnan mo... (Anyong duduruin ni Castor ang hita ng tinali.) Hayan! (Ibababa ang tinali) Tingnan mo. Matuwid pang lumakad ang tinaling iyan. Walang sinumang makahahalata sa ating ginawa, ngunit mahina na ang paang ating dinuro, at ang manok na iyan ay hindi makapapalo.

KULAS : Samaktuwid ay hindi na nga maaaring manalo ang manok na iyan... Siguradong matatalo.

CASTOR : Natural, ngayon, ang dapat na lamang gawin ay magpunta sa sabungan... ilaban ang manok na iyan...at pumusta nang palihim sa kalaban.

KULAS : Siya nga pala. Magaling na paraan!

CASTOR : Nakita mo na? Ang hirap sa iyo ay hindi mo ginagamit ang ulo mo.

KULAS : (Balisa) Ngunit, Castor hindi ba iya'y pandaraya?

CASTOR : Oo, pandaraya...ngunit por Diyos! Sino bang tao ang nagkakuwarta sa sugal na hindi gumagamit ng daya? At bukod diyan, ay marami nang kuwartang natalo sa iyo. Ito'y gagawin mo lamang upang makabawi. Ano ang sama niyan?

KULAS : Siya nga, Castor, kung sabagay, malaki na ang natatalo sa akin.

CASTOR : At akala mo ba'y sa mga pagkatalo mong iyan ay hindi ka dinaya.

KULAS : Kung sabagay...

CASTOR : Nakita mo na. Hindi ka mandaraya, Kulas. Gaganti ka lamang.

KULAS : Siya nga, may katwiran ka.

CASTOR : O...eh... ano pa ang inaanatay mo? Tayo na.

KULAS : Este... Castor...eh...hintayin lang natin si Celing, ang aking asawa.

CASTOR : Bakit, ano pa ang kailangan?

KULAS : Ang aking asawa ang may hawak ng supot sa bahay na ito.

CASTOR : Naku itong si Kulas! Talunan na sa sabungan ay dehado pa sa bahay...Buweno, Hintayin mo siya, ngunit laki-lakihan mo ang iyong hihingin, ha? At nang makatipak tayo nang malaki-laki.

KULAS : Oo...Este...Castor...

CASTOR : O, ano na naman?

KULAS : Eh...malapit na segurong dumating si Celing...alam mo'y ayaw kong makita ka niya rito. Huwag ka sanang magagalit kung maaari lang ay umalis ka na.

CASTOR : (Tatawa) Oo... aalis ako. Mabuti nga ang makahanap na ako ng kareto ng manok mo.

Sumunod ka agad, ha? Pagdating mo roon malalaban agad iyan.

KULAS : Oo, Castor, susunod ako.

CASTOR : Buweno, diyan ka na. Laki-lakihan mo lang ang tipak, ha? (Lalabas si Castor. Ngingiti si Kulas, hihimas-himasin ang kanyang tinali, at hahawakan ang nadurong hita ng tinali. Papasok sina Celing at Sioning)

CELING : (Pagkakita sa tinali) Ano ba iyan, Kulas? At akala ko ba'y isinusumpa mo na ang sabungan?

KULAS : (Lulundag na palapit.) Celing, ngayon lamang. Walang salang tayo ay makababawi.

CELING : Naku, itong si Kulas, parang presyo ng asukal. Oras-oras nagbabago.

KULAS : Celing talagang ngayon na lamang! Pag natalo pa ako ay patayin mo na lahat ng aking tinali. Ipinapangako ko sa iyo.

CELING : Ngunit baka pangako na naman na napapako.

KULAS : Hindi, Celing! Hayan si Sioning, siya ang ating testigo.

SIONING : (Kinindatan si Celing) Siya nga naman , Celing bigyan mo na, ako ang testigo.

CELING : O buweno, ngunit tandaan mo, ito na lamang, ha?

KULAS : Eh...dalawampung piso lamang.

CELING : Dalawampung piso?

SIONING : Susmaryosep!

KULAS : Oo, Celing. Dalawampung piso, upang tayo ay makabawi. (Mag-aatubili si Celing.)

SIONING : Sige na, Celing. Tutal ito naman ay kahuli-hulihan.

CELING : O, buweno, heto. (Bibigyan ng dalawampung piso si Kulas. Kukunin ang salapi sa baul.)

KULAS : (Kukunin ang salapi) Ay, salamat sa iyo, Celing. Ito'y kuwarta na. Hindi ka magsisisi.

O, buweno, diyan na muna kayo, hane? (Magmamadaling lumabas si Kulas na dala ang kanyang tinali.)

CELING : (Susundan ng tingin si Kulas hanggang nasa malayo na) Teban! Teban!

SIONING : Teban, madali ka? (Papasok si Teban buhat sa kusina).

TEBAN : Opo, opo Aling Celing.

CELING : O heto ang pera. Nasa sabungan na naman ang iyong amo.

SIONING : Madali ka. Teban. Ipusta mo iyan sa manok ng kalaban.

TEBAN : (Magugulat sa dami ng salapi) Dalawampung piso ito a...

CELING : Oo, dalawampung piso. Sige, madali ka na.

TEBAN : (Hindi maintindihan) Ito ba'y itotodo ko?

SIONING : Oo, todo.

TEBAN : Opo, naku! Malaking halaga ito... (Lalabas si Teban)

CELING : Ikaw naman, Sioning, bakit inayunan mo pa si Kulas?

SIONING : Hindi bale. Tatal, wala naman kayo sa pagkatalo.

CELING : Kung sa bagay. Nguni't hindi lamang kuwarta ang aking ipinagdaramdam.

SIONING : Eh ano pa?

CELING : Ang iba pang masasamang bunga ng bisyo...Sioning, alam mo namang ang bisyo ay nagbubuntot. Karaniwang kasama ng bisyo ay ang pagdaraya, pagnanakaw...at kung anu-ano pa.

SIONING : Ngunit nangako naman si Kulas na ito na ang huli.

CELING : Oo nga, ngunit isulat mo sa tubig ang pangakong iyan. (Lalong, lalakas ang sigawan)

SIONING : Ang hirap sa iyo, Celing, e...hindi mo tigasan ang loob mo. Tingnan mo ako. Noong ang aking asawa ay hindi makatkat sa monte, pinuntahan ko siya isang araw sa kanilang klub at sa harap ng lahat ay minura ko siya mula ulo hanggang sa talampakan. E, di mula noo'y hindi na siya nakalitaw sa klub.

CELING : Ngunit natatandaan mo ba Sioning na ikaw nama'y hindi nakalabas ng bahay nang may limang araw, hindi ba dahil sa nangitim ang buong mukha mo?

SIONING : Oo nga, ngunit iyon ay sandali lamang. Pagkaraan niyon ay esta bien, tsokalate na naman kami.

CELING : Hindi ko yata magagawa iyon. Magaan pa sa akin ang magtiis na lamang. (agad huhupa ang sigawan.)

SIONING : Ayan tila yata tapos na ang sultada. Sino kaya ang nanalo?

CELING : Malalaman natin pagdating ni Teban. Siya'y mapagkakatiwalaan.

SIONING : Siya nga, ngunit tandaan mong ang kuwarta ay mainit kapag nasa palad na ng tao.

CELING : Huwag kang mag-alala...(Papasok si Teban)

TEBAN : (Walang Sigla) Aling Celing, natalo po tayo.

CELING : A, natalo. O hindi bale. Tatal nanalo naman si Kulas. Buweno, Teban, ,magpunta ka na sa kusina at baka dumating ang iyong amo. (Lalabas si Teban).

SIONING : Talagang magaan ang paraan mong iyan, Celing.

CELING : (Nalulungkot) Siya nga.

SIONING : O, Celing bakit ka nalulungkot?

CELING : Dahil sa nanalo si Kulas.

SIONING : O. e ano ngayon. Kay nanalo si Kulas, kay nanalo ka, hindi naman mababawasan ang iyong kuwarta. At ikaw pa rin ang naghahawak ng supot.

CELING : Oo nga, ngunit ang alaala ko'y ...Ngayong manalo si Kulas, lalo siyang maninikit sa sabungan. (Papasok si Kulas na nalulumbay).

KULAS : Ay, Celing, talagang napakasama ng aking suwerte! Hindi na ako magsasabong

kailanman.

SIONING : Ha?

CELING : Ano kamo?

KULAS : Talagang buwisit ang sabong! Isinusumpa ko na!

CELING : Ngunit, Kulas hindi ba't nanalo ka?

KULAS : Hindi, natalo na naman ako! At natodas ang dalawampung piso!

CELING : (May himala) Kulas, huwag mo sana akong ululin. Alam kong nanalo ka.

KULAS : Sino ba ang may sabi sa iyong ako'y nanalo? Bakit ba ako nakinig sa buwisit na si Castor.

CELING : Kulas, hindi mo ako makukuha sa drama. Isauli mo rito ang dalawampung piso.

KULAS : Diyos na maawain, saan ako kukuha?

CELING : (Lalo pang maghihinala) Teka, baka kaya ikaw, Kulas, mayroon nang kulasisi...ay mayroon nang kulasisi... at pinatuka ang dalawampung piso.

KULAS : Celing, ano bang kaululan ito? Isinusumpa kong natalo ang dalawampung piso. Sino baga ang nagkuwento sa iyo na ako'y nanalo.

CELING : Si Teban. Nanggaling siya sa sabungan.

SIONING : (Magliliwanag ang mukha) A teka, Celing baka si Teban ang kumupit ng kuwarta.

CELING : Siya nga pala.

SIONING : Sinabi ko na sa iyo, huwag kang mayadong magtitiwala. (Pupunata si Celing sa pintuan ng kusina.)

CELING : Teban! Teban! (Lalabas si Teban)

TEBAN : Ano po iyon?

CELING : Teban, hindi ko akalaing ikaw ay magnanakaw.

TEBAN : Magnanakaw? Ako? Bakit po?

CELING : At bakit pala? Isauli mo rito ang pera.

TEBAN : Alin pong pera?

CELING : Ang dalawampung pisong dala mo sa sabungan kanina.

TEBAN : Aba e, natalo po, e.

CELING : Sinungaling! Ano bang natalo! Kung natalo ka, nanalo sana si Kulas. Ngunit natalo si Kulas, samakatwid nanalo ka.

TEBAN : (Hindi naiintindihan) Ha? Ano po? Kung ako'y natalo...ay...

KULAS : 'Tay kayo, 'tay kayo. Tila gumugulo ang salitaan. Teban, ikaw ba'y pumusta sa sabong kangina?

TEBAN : Opo.

KULAS : Saan ka nagnakaw ng kuwarta?

TEBAN : Kay Aling Celing po.

KULAS : Ha? Nagnakaw ka kay Aling Celing?

TEBAN : E...hindi po. Pinapusta po ako ni Aling Celing.

KULAS : A ganoon! Hoy, Celing pinipigilan mo ako sa pagsasabong, ha? Ikaw pala'y sabungerang pailalim.

SIONING : Hindi, Kulas, pumupusta lamang si Celing sa kalaban ng manok mo.

KULAS : (kay Celing) A...at ako pala'y kinakalaban mo pa, ha?

CELING : Huwag kang magalit. Kulas. Ako'y pumupusta sa manok na kalaban para kahit ikaw ay manalo o matalo ay hindi tayo mawawalan.

KULAS : Samakatwid, kahit pala manalo ang aking manok ay bale wala rin.

SIONING : Siya nga at kahit naman matalo ay bale mayroon din.

KULAS : E, sayang lamang ang kahihimas at kabubuga ko ng aso sa manok. Ako pala’y parang ulol na...

CELING : Tekang muna. Ang liwanagin muna natin ay ang dalawampung piso. Tebang, saan mo dinala ang pera?

TEBAN : Aba, e...

KULAS : Hintay muna, Celang. Talagang si Tebang ay natalo.

CELING : Ha?

KULAS : Oo, sapagka’t pumusta siya sa manok ng kalaban at natalo ang manok na iyon.

CELING : (Kay Kulas) Kung gayo’y ibigay rito ang pera.

KULAS : Celang, ako man ay natalo sa pustahan sapagkat sa manok ng kalaban din ako pumusta.

SIONING : Naku, at lalong nag-block-out.

CELING : (kay Kulas) Pumusta ka sa kalaban ng manok mo?

KULAS : Oo, alam mo’y pinilayan ko ang aking tinali upang seguradong matalo at pumusta sa manok ng kalaban. Ngunit, kabibitiw pa lamang ay tumakbo na ang diyaskeng manok ng kalaban at natalo ang aking manok.

CELING : A...gusto mong maniyope? Ikaw ngayon ang matitiyope. (Tatawa)

KULAS : Aba, at nagtawa pa.

SIONING : Siyanga. Bakit ka nagtatawa, Celang?

CELING : (Tumatawa pa) Sapagkat ako’y tuwang-tuwa, Sioning, dito ka maghapunan Mamayang gabi. At anyayahan mo sina Kumareng Kikay at ang iba pang kaibigan. Ako’y maghahanda.

KULAS : Ha! Maghahanda?

CELING : Oo, Tebang, ihanda mo ang mga palayok, ha? At hiram mo ang kaserola ni Ate Nena.

TEBAN : Opo, opo. (lalabas sa pintuan ng kusina)

KULAS : Ngunit paano tayo maghahanda? Ngayon lang ay natalunan tayo ng mahigit apatnapung piso.

CELING : Hindi bale. Ibig kong ipagdiwang ang iyong huling paalam sa sabungan.

KULAS : Huling paalam?

CELING : Oo, sapagkat ikaw ay nangako at nanumpa at bukod diyan hindi na tayo kailangang bumili ng ulam.

KULAS : Bakit?

CELING : Mayroong pang anim na tinali sa kulungan. Aadobohin ko ang tatlo at ang tatlo’y sasabawan. (Tatawa sina Sioning at Celang. Hindi tatawa si Kulas ngunit pagkailang saglit ay tatawa rin siya. Mag-uumpisa na naman ang sigawan sa sabungan ngunit makikita sa kilos ni Kulas na kailanman ay hindi na siya magsasabong.)

3. Linangin mo...

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Panuto: Hanapin sa mga nakatala sa ibaba ang kahulugan ng mga sumusunod na matatalinghang pahayag. Isulat ang titik lamang.

1.. tila pupunta sa sunog

2. magdildil ng asin
3. asawa ang may hawak ng supot
4. pagdilal ng mga mata
5. itaga mo sa bato
6. isulat mo sa tubig
7. sabungerang pailalim
8. lalong maninikit sa sabungan
9. tutong na lamang ang natitira
10. manok na laging nakabitin kung iuwi

- b. may hawak ng pera
- c. tumataya nang lihim
- d. nagmamadali
- e. kalimutan
- f. talunan
- g. magpatuloy sa pagsasabong
- h. paubos na
- i. tandaan
- j. pagkagising
- k. magtiis ng hirap

- Tingnan mo kung tama ang ibinigay mong kahulugan ng mga matatalinghagang pahayag. Itsek mo sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayong naunawaan mo na ang mahihirap na salita at pahayag, tiyak kong higit mong naunawaan ang binasa mong akda. Kaya handa ka nang gawin ang mga sumusunod na gawain

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Panuto: Gumawa ng buod ng dula sa tulong ng dayagram.

Saan naganap ang akda?



Sinu-sino ang mga tauhan?

Ano ang suliranin?



Anu-ano ang mga mahahalagang pangyayari?

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Ano ang naging wakas?

C. Pagsusuring Pampanitikan

Basahin at pag-aralan mo ang nasa loob ng kahon bago isagawa ang gawain sa bahaging ito. Makatutulong ito nang malaki sa iyong pang-unawa.

Sa pagbasa sa isang akda sa pananaw eksistensiyalismo, maaari pa ring tingnan ang akda batay sa mga bahaging nagpapamalas ng kalakasan ng tauhan sa pagbubuo ng desisyon. Bahagi rin ng kalakasan ng tauhan ang pagtanggap ng kahit anumang kahihinatnan ng desisyong kanyang binuo.

Panuto: Suriin mo ang akda batay sa pananaw eksistensiyalismo. Isulat ang titik lamang.

1. Ano ang pangunahing desisyon ni Kulas?
 - a. Paminsan-minsan na lang magsasabong
 - b. Hindi na magsasabong kahit kailanman
 - c. Lilipat na ng bahay na malayo sa sabungan
 - d. Magiging mabuting asawa

2. Ano ang naging bunga ng desisyong iyon kay Kulas?
 - a. malalayo na siya sa sabungan
 - b. hihiwalayan na siya ni Celing
 - c. ipagbibili na ang mga sasabunging manok
 - d. luluuin na ito ni Celing

3. Paano natanggap ni Kulas ang naging bunga ng kanyang desisyon?
 - a. Tinanggap niya nang buong puso na di na siya magsasabong kailanman
 - b. Nalungkot siya sapagkat di na siya makapagsasabong
 - c. Nagalit siya kay Celing
 - d. Nagalit siya kay Castor sapagkat di na siya makapagsasabong

4. Ano naman ang desisyon ni Celing?
 - a. dahil di mapigilan ang asawa kaya sasabayan na lang niya ito sa pagsusugal.
 - b. Hayaan na lang ni Kulas kasi may kasamang masasamang bunga ang bisyo tulad ng pagdaraya at pagnanakaw
 - c. Huwag nang bigyan ng pera si Kulas para walang pansugal

- d. Sugurin si Kulas sa sabungan at murahin mula ulo hanggang talampakan para mapahiya at tigilan na ang pagsasabong
5. Ano ang naging bunga ng desisyon ni Celing sa kanyang sarili at sa kanyang kapwa?
- a. Di na siya nahirapan pa sapagkat makikita kay Kulas na di na ito magsasabong kailanman.
 - b. Masaya na si Celing sapagkat may dahilan na siya para lutuin ang mga alagang tinali ni Kulas.
 - c. Masaya na rin si Kulas sa nangyari dahil naisip din niya na ang kanilang kabuhayan ay mauubos sa pagsasabong niya.
 - d. Lahat ng nabanggit

d. Halagang Pangkatauhan

1. Anu-ano ang masamang epekto ng pagsusugal sa sarili, sa pamilya at sa bayan. Hanapin sa mga nakatala sa ibaba. Isulat ang titik lamang.
 - a. gumiginhawa ang buhay
 - b. malimit na pagmulan ng pag-aaway ng mag-asawa
 - c. dumarami ang kaibigan
 - d. natututong magnakaw may ipansugal lang
 - e. naghirap sa buhay
 - f. nakulong
 - g. nakarating sa ibang lugar
 - h. nahahasa ang isipan
 - i. nahinto sa pag-aaral dahil sa halip na pumasok, pagsusugal ang inatupag
 - j. nag-aasawa nang maaga
 - k. nakalilibang lalo na kung may suliranin
 - l. gumaling ang kakayahan sa pagsusugal
2. Kung may magulang kang sugarol, ano ang gagawin mo upang matigil ang kanyang bisyo?
 - a. tatawag ako ng pulis at ipahuhuli ko ang sugalan
 - b. kakausapin ko siya at sasabihin ang masasamang epekto ng pagsusugal
 - c. ipagdarasal ko na sana'y matigil na sa pagsusugal ang tatay ko.
 - d. Lahat ng nabanggit

- Nasagot mo bang lahat ang mga gawain. Kung gayon, iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Ngayon naman ay may mga karagdagan akong gawaing magpapalawak ng iyong isipan. Kung handa ka na isagawa mo na.

4. Palalimin mo ...

Panuto: Basahin at unawain ang bawat sitwasyon.

Napakahirap ng buhay sa kasalukuyan. Kung ang bansa ay nagdaranas ng financial crisis tayo pa kayang karaniwang mamamayan ang di makadama ng kahirapan? Pangarap mong guminhawa. Naghahanap ka ng suwerte . Libu-libo ang premyo sa Bingo sa SM. Milyun-milyon na ang premyo sa LOTTO. Pupunta ka ba sa SM para mag-Bingo? Tataya ka ba sa LOTTO? Anu-ano ang isasaalang-alang mo kung ikaw ay magbibingo at tataya sa Lotto? Piliin sa mga nakatala sa ibaba. Titik lamang ang isulat.

- A. Maaaring malulong na sa pagbibingo dahil sa paghahanap ng suwerte.
 - B. Na ang pagsusugal ay paggawa ng isang desisyon.
 - C. Nasa pagsusugal ang pagtanggap sa anumang kahihinatnan
 - D. Na walang yumaman sa pagsusugal
 - E. Na ang suwerte ay hinahanap at di darating nang kusa
 - F. Na bago ka tumama sa LOTTO, malaking pera ang kakailanganin
 - G. Na sa halip na magsugal ay mag-isip na lang nang mapagkakakitaan.
 - H. Na sa Lotto ay suwertihan lamang
 - I. Na ang Lotto ang magbibigay ng suwerte sa tao at sagot sa kahirapan.
- Itsek mo sa susi sa pagwawasto kung tama ang iyong mga sagot.

5. Gamitin mo...

Panuto: Lagyan mo ng tsek (✓) ang mga pahayag na sa tingin mo ay katanggap-tanggap at ekis (X) kung hindi.

- _____ 1. Paniniwala sa panaginip bilang suwerte sa pagtaya sa sugal.
- _____ 2. Pagsusugal ay paggawa ng isang desisyon.
- _____ 3. Nasa pagsusugal ang pagtanggap sa anumang kahihinatnan nito.

- _____ 4. Kaginhawahang dulot ng ginawang pagsasabong.
- _____ 5. Ang sabong ay isang sugal.
- _____ 6. Gulo ang idudulot ng sabong sa isang pamilya.
- _____ 7. Pagtaya ni Celing laban sa manok ni Kulas.
- _____ 8. Pagpilay ni Kulas sa kanyang manok upang manalo.
- _____ 9. Ang pagpayag ni Celing sa pagsusugal ni Kulas.
- _____ 10. Ang sugal ay suwertihan lamang.

-Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

6. Sulatin mo ...

Panuto: Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang upang mabuo ang talata. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nakatala sa ibaba. Titik lamang ang isulat.

Ang pagsusugal ay isang malaganap na ___1___ na patuloy na nakaaapekto sa maraming ___2___, ___3___ at lipunan sa buong daigdig. Maraming may-sapat-na gulang ang ___4___ upang humanap ng ___5___ . Mayroon namang nagsusugal upang ___6___ . Walang magawa kaya nagsusugal. Ngunit di nila napapansin na ___7___ na silang nagugumon hanggang sa hinahanap na ito ng kanilang ___8___ . At dahil dito naubos ang kanilang mga ___9___ at tuluyan nang nasira ng sugal ang kanilang ___10___.

- | | | |
|---------------|--------------|--------------|
| a. indibidwal | d. pamilya | g. suwerte |
| b. nagsusugal | e. gawain | h. katawan |
| c. unti-unti | f. maglibang | i. ari-arian |
| | | j. buhay |

- Nasagutan mo bang lahat? Iwasto mo ang sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

7. Lagumin mo...

Anu-anong mga kaisipan ang natutunan mo sa akda. Lagyan mo ng star (*) ang mga ito.

- _____ 1. Walang yumaman sa sugal ngunit marami ang naghirap.
- _____ 2. Ang pandaraya kailanma'y di magtatagumpay.
- _____ 3. Walang lihim na di mabubunyag.
- _____ 4. Kung di mo mapigilan, sayawan mo na lang.
- _____ 5. Kung may tiyaga may nilaga.
- _____ 6. Ang sugal ay di sagot sa kahirapan.
- _____ 7. Nasa sugal ang suwerte
- _____ 8. Maniwala sa panaginip dahil ito ang magdadala ng suwerte.
- _____ 9. Ang maniwala sa sabi-sabi walang bait sa sarili.
- _____ 10. Kung may isinuksok, may madurukot.

- Kumusta na? Tama bang lahat ang iyong sagot? Itsek mo sa susi sa pagwawasto.

8. Subukin mo ...

Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit. Titik lamang ang iyong isulat.

- 1. Pagdilat pa lang ng mata ni Kulas ay mga manok na agad ang hinihimas nito.
 - a. pagkauwi
 - b. pagkagising
 - c. pagkatulog
 - d. bago mag-almusal
- 2. Hindi makapaniwala si Kulas kay Castor dahil laging nakabitin ang manok nito kung iuwi.
 - a. panalo
 - c. di nanalo at di rin talunan

- a. Ang pamamaalam ni Kulas sa sabungan
- b. Ang pagkatalo ni Kulas sa sabong
- c. Ang di na pagsasabong ni Celing
- d. Ang paglayo nila sa sabungan

10. Pinatunayan sa akdang “Sa Pula, Sa Puti”, na

- a. Ang pagsusugal ay paggawa ng isang desisyon.
- b. Nasa pagsusugal ang pagtanggap sa anumang kinahinatnan.
- c. Pagsusugal din ng asawa kung hindi nito mapigil ang asawa sa pagsusugal.
- d. Lahat ng nabanggit.

- Nasagot mo ba nang tama ang pagsusulit?

Itsek mo sa susi sa pagwawasto ang iyong mga sagot. Kung ang iyong iskor ay 7 pataas, tumungo ka na sa susunod na aralin. Kung ang nakuha mong iskor ay 6 pababa, gawin mo muna ang sumusunod na pagsasanay.

9. Paunlarin mo ...

Ayusin ang mga sumusunod ayon sa pagkakapangyari sa akda. Isulat ang titik lamang. (1-5)

- A. Tinuruan ni Castor si Kulas ng paraan upang manalo.
- B. Nangako si Kulas na pag natalo pa ang manok ay hindi na ito magsasabong kailanman.
- C. Kapwa natalo sa sabong sina Celing at Kulas.
- D. Ipagdiriwang ni Celing ang pamamaalam ni Kulas sa sabungan.
- E. Ilang linggo nang napagtatalo sa sabong si Kulas.

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.



ARALIN 2: Matigas Ang Ulo

Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:


1. Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salita na ginamit sa akda.
2. Nailalahad ang mahahalagang detalye sa akda.
3. Nasusuri ang akda batay sa mga elemento nito.
4. Napatutunayan ang pahayag na ang matitigas ang ulo ay napapahamak.
5. Nakabubuo ng mga kasabihang angkop sa akda.



Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin mo...

Magbigay ng mga salita o parirala na maaaring iugnay sa larawang nasa loob ng bilog. Hanapin ito sa mga nakatala sa ibaba.



tagapag-alaga

tagabantay ng bahay

ibinibigay ang layaw

tagapagtanggol

ina

tagapagluto

nagtuturo

matanda

tagasaway

2. Basahin mo ...

Matigas Ang Ulo
Ni Mar Al. Tiburcio

Kinakatkatan ako ng mura ni Ama nang umagang iyon. Kaming dalawa lamang ang nasa kubo. Nasa simbahan sina Ina at Lola Tinay at ang tatlo ko pang kapatid.

“Kung di mo sinamahan ang Lola mo do’n, e, di ‘yon pupunta...” sabi niya matapos akong sabunin. “Siguro’y hilig mo rin ‘yon, ‘no?”

Nakatalungko ako sa sulok, minamalarya sa takot na baka upakan niya ako ng tukod ng bintana.

“Magkano ba’ng lagay n’ya sa ‘yo? Sabihin mo’t dodoblehin ko h’wag mo lang siyang samahan do’n!...” Ang doon na tinutukoy ni Ama ay ang hulo, kung saan may mga pabeto-beto kung gabi.

“D-di ho a-ko binibigyan ni Lola,” sabi ko at nakahanda na akong sumibat kapag dinuhapang niya ang tukod ng bintana.

“Kung gayon,” mahinahon ang kanyang tinig, “ba’t mo siya sinasamahan do’n?”

“U-utos ho ni Ina, e!” mabilis ang pagkasagot ko.

Nakita ko ang panlalaki ng kanyang mga mata at waring nag-iisip. “Sige, tumindig ka na r’yan at maglinis ng bahay,” sabi niya makaraan ang ilang sandali. “H’wag kang aalis dito hanggang hindi pa dumarating ang nanay mo. Pasasabayan lang ako.”

Nilampaso ko ang sahig nang manaog si Ama. Sinundan ko siya ng tanaw hanggang makalabas ng bakuran. Mabuti na lamang at naisipan kong idahilan si Ina. Alam kong hindi niya mapagsasalitaan si Ina, sapagkat kahit minsan ay hindi ko nasaksihan na nagkagalit sila. Paminsan-minsan, naisip ko, na may nagagawa ring kabutihan ang pagsisinungaling.

Alam kong ayaw ni Ama na magbeto-beto si Lola. Kamakailan lamang ay narinig ko ang pag-uusap nina Ama at Ina. Nasa balkon sila. Ang Lola ko naman ay katabing natutulog ng mga kapatid ko. Nasa may bintana naman ako – kalikuran ng balkon – at kunwang natutulog. Hapon noon at malamig ang simoy na nagbubuhay sa bundok.

“Napapansin kong ginagabi-gabi na ng matanda mo ang pagbeto-beto sa hulo, Inyang,” sabi ni Ama.

Buntunghininga ni Ina ang narinig ko.

“Bawal ang sugal na ‘yon” sabi ni Ama, “at nakakahiya kapag nahuli si Nanay do’n. Pati ang anak mo’y madaramay. Kebata-bata pa naman, e, makukulong bukod pa sa natututong magsugal.”

“Sinabi ko na sa Inay ‘yan,” sabi ni Ina. “Pero pag-aaliw-aliw daw lang ‘yon sa kanya.”

“E, kung h’wag mo kayang bigyan ng mapupuhunan?”

“Sinubok ko na ‘yan, pero nagmukmuk at muntik pa akong awayin,” sabi ni Ina.

Kinagabihan nang araw na iyon matapos kaming maghapunan ay nagulat ako nang abutan ni Ama ng pera si Lola.

“Aba, anong nakain ng manugang ko?” sabi ni Lola at matamang tinitigan ang limang pisong iniabot ni Ama. “Himala ‘to, a!”

Presko ang pook na kinalalagyan ng apat na mesa ng beto-beto. Nayuyungyungan ito ng mga punong mangga kung saan nakasabit sa mga nakalundong sanga ang nagliliwanag na mga lampara. Sa hindi kalayuan ay may isang ilug-ilugan. Matao na nang dumating kami.

“Mga ‘sang oras lang tayo, Indo,” sabi sa akin ni Lola. “Kasisimba ko lang kangina. Ipinangako ko sa Kanya,” at itinuro ang langit, “na manalo lang ako ngayon, e, paminsan-minsa na lang tayo pupunta rine.”

Ngunit hindi pa kami nagtatagal ay nagkaripasan na ng takbo ang mga mananaya. May dumarating na mga pulis. Doon ko nakitang kahit matanda na si Lola ay mabilis pa ring tumakbo. Sinusundan ko siya. Dahil wala kaming ibang daraanan kundi ang ilug-ilugan, doon

kami tumawid. Subalit may kalaliman ang ilog. Halos malunod kami ni Lola kundi kami inabot ng mga tumutugis na pulis.

Sa piitan sa bayan kami dinalaw nina Ama at Ina. Magkasama kami sa selda ni Lola at ng iba pang nahuli. Giniginaw kami dahil sa aming mga basang damit.

Lumapit si Ina sa narerehasang pinto ng selda. May katigasan ang kanyang mukha, ngunit bakas ang habag na nalalarawan sa kanyang mga mata.

“Matigas kasi ang ulo,e!” sabi niya sa Lola ko. “Nakakahiya tuloy ang nangyari.”

Walang imik ang lola ko. Nagpupunas ng mata habang sumisinghot. Nakamata lamang ako sa kanila.

“Buti na lang at me pera pa tayong pantubos sa inyo,” patuloy ni Ina, “kung di’y magtatagal kayo riyan ni Indo.”

Sa di kalayuan sa kinatatayuan kong rehas na pinto ay nakita ko si Ama. Kausap niya ang isang pulis. Dinig na dinig ko ang usapan nila kahit na mababa ang tinig.

“Salamat, pare ko,” sabi ni Ama, “at nadale rin n’yo. Kung hindi’y baka pati si Indo ko, e, matutong magsugal.”

“Okey lang ‘yon, pare ko,” sabi ng pulis at tinapik sa balikat si Ama, “mabuti naman at itinip n’yo sa amin. Kung nagkataon, e, maraming maghihirap sa inyo dahil sa kasusugal!”

Sa oras na iyon, nagliwanag sa akin ang lahat. Nagsuplong si Ama sa pulisya.

3. Linangin mo...

A. Pagsusuring Panlinggwistika

Panuto: Ibigay mo ang kahulugan ng mga nasasalungguhitang salita. Piliin ito sa mga nakatala sa ibaba. Titik lamang ang isulat.

1. Nakatalungko ako sa sulok at takot na takot kay ama.
2. Nakahanda na akong sumibat.
3. Nagmukmok si Lola nang di bigyan ni Inay ng pera.
4. Apat ang mesa ng betobeto.
5. Nayuyungyungan ito ng mga puno.
6. Nagkaripasan ang mga mananaya nang dumating ang pulis.
7. Sa hulo pa dumadayo ng beto-beto si Lola.
8. Inabot ng mga tumutugis na pulis sina Indo.
9. Mababakas ang habag sa mukha ni Ina.
10. Habang nakamata ako sa kanila.

- | | | | |
|----|-------------------------------|----|---|
| a. | nakatingin | f. | nagtakbuhan |
| b. | humahabol | g. | gawing loob ng baryo |
| c. | umalis nang walang paalam | h. | nakaupo nang lapat sa sahig |
| d. | nagwalang-kibo sa isang sulok | i. | sugal na ginagamitan ng 3 dais na kinakalog |
| e. | awa | j. | umiiyak nang malakas |
| | | k. | nalililiman |

-Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

B. Pagsusuring Pangnilalaman

Ibuod mo ang akda sa tulong ng dayagram.

Tagpuan:
Saan:

Tauhan:

Suliranin:

Mga Pangyayari:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.

Resulta:

-Iwasto mo ang iyong sagot. Kung ito'y malapit sa tamang sagot, ito'y katanggap-tanggap.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Basahin at pag-aralan mo ang nasa loob ng kahon bago mo isagawa ang gawain sa bahaging ito. Makatutulong ito nang malaki sa iyong pag-unawa sa akda.

Ang maikling kuwento bilang akdang pampanitikan ay dapat magtaglay ng sumusunod na katangian: kaikliang maaaring tapusing basahin sa isang upuan lamang; isang pangunahing tauhan; tagpuan at banghay na tuwang-tuwa na nagbubunga ng iisang kakintalan; at isang pangyayaring isinalaysay at ang pinagsikapang ipaliwanag na paksa o diwa nito.

Bukod dito, katangian din ng kwentong masining na magkaroon ng kaisahan. Ang kaisahang ito ang nag-aangkop ng pangyayari sa tagpuan, gayundin ng tauhan sa pangyayari. Ang pagtataglay ng mga katangiang ito ng isang akda ang nakatutulong upang ito ay mag-iwan ng iisang impresyon o kakintalan sa mga mambabasa.


Tauhan:



1. Sino ang pangunahing tauhan? Ano ang kanyang mga katangian?

2. Anong mga tungkulin ang ginagampanan ng ibang tauhan upang mapalabas ang mga katangian ng pangunahing tauhan.

Banghay:

3. Ano ang mga pangyayaring bumubuo ng banghay? Sagutin sa tulong ng dayagram. Hanapin sa mga nakatala sa ibaba. Titik lamang ang isulat.





- A. Si Ama ang nagsuplong sa sugalan sa pulisya
 - B. Nahuli at nakulong sina Lola at Indo.
 - C. Kinagalitan ni Ama si Indo dahil sa sinamahan nito ang lola sa pagbebetobeto.
 - D. Nahihilig sa pagsusugal ng beto-beto si Lola.
 - E. Ni-raid ng pulis ang sugalan at nahuli sina Lola at Indo.
 - F. Binigyan ni Ama ng perang panaya sa beto-beto si Lola.
 - G. Halos malunod sina Indo at Lola kundi inabot ng mga tumutugis na pulis.
4. Kapani-paniwala ba ang pagkadugtong-dugtong ng mga pangyayari? Ipaliwanag.

Tagpuan:

5. Saan naganap ang kuwento?
 - a. sa isang baryo
 - b. sa lunsod
 - c. lalawigan
 - d. sa subdibisyon
6. Nakatulong ba ang tagpuan sa paglinang ng tema at sa paglalarawan ng mga tauhan?
 - a. Oo, sapagkat isa sa libangan ng mga tao sa mga baryo ay ang pagsusugal na naging dahilan upang maghirap ang mga ito sa buhay.
 - b. Oo, sapagkat ang mga tao sa mga lunsod ay pawang sugarol.
 - c. Oo, sapagkat talamak ang mga sugalan sa lalawigan.
 - d. Hindi, sapagkat walang mga sugalan sa baryo.

Tema:

7. Anong isang kakintalan ang naiwan sa iyong isipan ng kuwento?

- a. na walang idudulot na mabuti ang sugal
- b. na ang matigas ang ulo ay napapahamak
- c. na kung ano ang ginagawa ng matanda, ginagaya ng bata
- d. na maraming naghirap sa sugal

8. Anong malaking problema ng buhay ang inilantad sa akda?

- a. pagsusugal
- b. maling pagpapalaki sa anak
- c. di pagkakasundo ng magbiyenan
- d. paglalasing

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto. Kung ang iyong tugon ay malapit sa tamang sagot, ito'y katanggap-tanggap.

d. Halagang Pangkatauhan:

Panuto: Basahin mong mabuti ang mga sumusunod at sagutin. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Anong aral ang napulot mo sa kuwentong binasa? Pumili ng 3.

- a. Ang matigas ang ulo ay napapahamak.
- b. Na kaya nalilihis ng landas ang mga kabataan ay dahil sa nakikitang halimbawa sa matatanda.
- c. Na walang idudulot na mabuti sa tao ang pagsusugal.
- d. Na marami ang naghirap sa sugal.
- e. Na pagbigyan na ang matatanda sa kanilang ibig.
- f. Igalang ang matatanda.


2. Anong mabuting halimbawa ang dapat nating tularan sa tauhan ng kuwento?

- a. Ang pagmamahal ng anak sa magulang, na para di sumama ang loob ay patuloy na binibigyan ng pansugal.
- b. Ang di pagpapabaya ni Indo sa kanyang lola. Na kahit bawal iyong pagsusugal ay sinasamahan pa rin niya.
- c. Ang pagmamahalasakit ni Ama sa kanyang biyenan at kababayan. Pinahuli ang sugalan upang mahinto na ang sugal sa kanilang lugar at di na malulon ang mga kababayan niya dahil masama ang dulot nito sa buhay ng tao.

- Tingnan mo kung tama ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto.
-

4. Palalimin mo...

Marahil matapos ang ilang pagsasanay na iyong naisagawa ay naunawaan mo nang lubusan ang akdang iyong pinag-aaralan. Kaya madali na para sa iyo ang susunod na gawain. Sa sariling pangungusap, ibigay ang pangunahing kaisipan at mga pantulong na kaisipan na napapaloob sa akdang iyong binasa.



-Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto. Kung ang iyong tugon ay malapit sa tamang sagot, ito’y katanggap-tanggap.

5. Gamitin mo...

Panuto: Unawain mong mabuti ang bawat sitwasyon at sagutin.

1. Kahit kinagagalan ng ama si Indo ay sinasamahan pa rin nito ang Lola sa pagbebeto-beto. Kung ikaw si Indo, sasamahan mo ba ang iyong Lola? Bakit?
2. Usung-uso sa inyong lugar ang jueteng. Wala nang makain ay itataya pa ang pera sa jueteng. Ang barangay chairman ay bulag sa talamak na sugal na ito sa dahilang sila’y nabibigyan ng mga namamahala. Ano ang gagawin mo upang matigil ang jueteng sa inyong lugar?
3. Mahal na mahal mo ang iyong ina. Ang lahat ay ibibigay mo para maging maligaya siya. Kaso ang perang ibinibigay mo sa kanya ay isinusugal. Kung di mo naman bibigyan ay magmamaktol.. Ano ang iyong gagawin upang matigil ito sa pagsusugal?

-Tingnan mo sa susi sa pagwawasto kung tama ang iyong tugon. Kung ito'y malapit sa tamang sagot, ito'y katanggap-tanggap.

6. Sulatin mo...

Panuto: Isaayos mo ang mga salita upang mabuo ang mga kasabihan.

1.

ano	nakikita	kung
matatanda	ang	
ginagaya ng bata	sa	

2.

kagitna	naghangad	
ng	ang	isang
salop	nawala	

3.

naging	pa	na
Kuwarta		bato

4.

matigas	ulo	ang
napapahamak	karaniwang	
	ang	

5.

na tandaan ang	ang bigay
ng pinagdaanan	na aral lahat

-Isulat mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong tugon ay malapit sa susi sa pagwawasto, ito'y katanggap-tanggap.

7. Lagumin mo...

Panuto: Piliin mo sa mga nakatala ang mga kaisipang nakapaloob sa binasa mong akda. Isulat ang titik lamang.

- A. May mga paraang tao'y magbabago maging sa ugali, gawain at bisyo.
- B. Kung ano ang nakikita sa matatanda, siyang ginagaya ng mga bata.
- C. Walang hinangad na masama ang magulang para sa anak.
- D. Walang yumaman sa sugal, ngunit marami ang naghirap.
- E. Anumang sobra ay nakasasama.
- F. Ang matigas ang ulo ay napapahamak.
- G. Anumang bawal ay masama.
- H. Di masama ang maglibang, ang masama ay ang mawili sa paglilibang.
- I. Ang lahat ng pinagdaanan, tandaan ang bigay na aral.

-Madali mo bang nasagutan ang natapos na gawain? Magaling kung gayon. Hiramín mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Ang susunod na gawain ay susukat muli sa iyong mga natutunan sa araling tinalakay. Unawain mo itong mabuti. Kaya mo ito. Simulan mo na.

8. Subukin mo...

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot.

1-2. Nakahanda na kong sumibat kapag dinuhapang niya ang tukod ng bintana. Ang kahulugan ng mga nasasalungguhitang salita ay _____

- | | |
|------------------|--------------|
| a. umalis kaagad | d. nahawakan |
| b. umuwi | e. nahuli |
| c. umiyak | f. nahulog |

3. Nagmumukmok si Lola kapag di nakapagsugal.

- a. nag-iiyak
- b. nagagalit
- c. nagmamaktol
- d. nagwawala

4. Ang nagsasalaysay sa kuwento ay si _____

- a. Ama

- b. Ina
- c. Indo
- d. Lola

5. Ang ginagamit sa beto-beto ay _____

- a. baraha
- b. manok
- c. kabayo
- d. dais

6. Ang ayaw na magbeto-beto si Lola ay si _____

- a. Ina
- b. Ama
- c. Lola
- d. Ate

7. Ang maikling kuwento ay nag-iiwan ng _____

- a. Kakintalan
- b. tauhan
- c. tema
- d. banghay

8. Taglay ng kuwentong masining ang pagkakaroon ng _____

- a. katangian
- b. kaisahan
- c. elemento
- d. pangyayari

9. Isa sa dahilan kung bakit nalilihis ng landas ang mga kabataan ay sa dahilang _____

- a. nakikitang halimbawa sa matatanda
- b. di sila nakapag-aaral
- c. nababarkada
- d. wala sa nabanggit

10. Kung di pinahuli ng ama ang sugalan marahil ay _____

- a. malululong na sa pagsusugal si Lola
- b. matututo na rin si Indo ng pagsusugal
- c. maraming maghihirap sa kanilang lugar dahil sa pagsusugal
- d. lahat ng nabanggit

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7 pataas, tumungo ka na sa bahaging Gaano Ka Na Kahusay. Kung ang iyo namang iskor ay 6 pababa, gawin mo muna ang susunod na gawain.

4. Paunlarin mo...

Panuto: Ihanay mo ang mga positibo at negatibong katangian ng mga tauhan. Gamitin ang tsart sa ibaba. Piliin sa mga nasa loob ng kahon ang angkop na katangian.

Tauhan	Positibo	Negatibo
1. Lola 2. Indo 3. Ama 4. Ina		

mapagmahal mapagmalasakit maunawain maalalahanin	mapagmura nagsinungaling sobrang mapagbigay sugarol matigas ang ulo
---	---

-Tingnan mo sa susi sa pagwawasto kung tama ang iyong mga sagot.

-Marahil ay handa ka na para sagutan ang panghuling pagsusulit upang malaman kung gaano ang natutunan mo sa modyul na ito.



Gaano ka na kahusay?

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Di makatkat sa isipan ni Kulas ang nangyari. Ang kahulugan ng salitang may salungguhit ay _____

- a. di maalís
- b. di makati

- c. di malaman
- d. di maunawaan

2. Nagmamadali si Kulas sapagkat may kausap siya sa susunod na sultada. Ang nasasalungguhitang salita ay nangangahulugang _____

- a. araw
- b. linggo
- c. labanan ng manok
- d. karera

3. Ang bahay ay nayuyungyungan ng mga puno. Ang ibig sabihin ng nasasalungguhitang salita ay _____

- a. natatabunan
- b. nalililiman
- c. nalulukuban
- d. nakakanlungan

4. Ang magdadala ng suwerte sa mag-asawang Celing at Kulas ay ang _____

- a. sugal
- b. sabungan
- c. negosyo
- d. manok

5. Nagalit si Ama kay Indo sa dahilang _____

- a. di ito naglinis ng bahay
- b. sinamahan ang Lola sa pagbebetto
- c. di pumasok sa paaralan
- d. umalis nang walang paalam

6. Nagulat si Indo nang _____

- a. hindi siya kinagalitan ng Ama
- b. bigyan ng pera si Lola ng Ama
- c. inaway ang Ina
- d. pinahuli ang sugalan

7. Ang Sa Pula, Sa Puti ay isang dulang _____

- a. trahedya
- b. melodrama
- c. komedya
- d. parsa

8. Ang maikling kuwento ay karaniwang nag-iiwan ng iisang _____ sa mga mambabasa.

- a. aral
- b. impresyon/kakintalan
- c. kahalagahang moral
- d. katangian

9-10. Pinatunayan sa dalawang akda na _____. Pumili ng dalawa (2).

- a. maraming dulot na masama ang pagsusugal
- b. ginagawang libangan ng mga tao ang pagsusugal
- c. maraming naghirap sa pagsusugal

- d. nasa sugal ang suwerte
- e. kailangan munang may mangyaring di maganda bago magising sa maling gawain ang tao.
- f. kung ibig umasenso ang buhay, iwasan ang sugal.
- g. nalululong ang tao sa sugal nang dahil sa paghahanap ng suwerte.

-Muli kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang iyong gawa.
-Inaasahan kong naging mabunga ang iyong pag-aaral sa modyul na ito.
-Hanggang sa muli.

MODYUL 16
Susi sa Pagwawasto
Aralin 1: Sa Pula, Sa Puti

IV. Ano Na Ba Ang Alam Mo?

- | | |
|------|------|
| 1. a | 6. b |
| 2. c | 7. d |

- | | |
|------|-------|
| 3. b | 8. d |
| 4. c | 9. a |
| 5. c | 10. a |

B. Alamin mo...

Naghahanap ng suwerte.
Gustong dumami ang pera.
Paraan ng paglilibang

2. Linangin mo...

a. Pagsusuring Panlingguwistika

- | | |
|------|-------|
| 1. c | 6. d |
| 2. j | 7. b |
| 3. a | 8. f |
| 4. i | 9. g |
| 5. h | 10. e |

b. Pagsusuring Pangnilalaman:

Saan naganap ang akda? Sa may sabungan
Sinu-sino ang mga tauhan? Kulas, Celing, Teban, Castor, Sioning
Ano ang suliranin? Nahihilig sa pagsasabong si Kulas.
Anu-ano ang mga mahahalagang pangyayari?

1. Napagtatalo sa sabong si Kulas ng mga nagdaang araw
2. Muling humingi ng pera si Kulas kay Celing at nangakong kapag natalo pa ay di na magsasabong.
3. Lingid sa kaalaman ni Kulas ay tumataya naman si Celing sa kalabang manok sa pamamagitan ni Teban upang kung matalo si Kulas ay siya naman ang mananalo kaya't hindi mababawasan ang pera nila.
4. Tinuruan ni Castor si Kulas ng paraan upang manalo.
5. Nanalo ang manok ni Kulas ngunit natalo silang mag-asawa sa sabong.

Ano ang naging wakas? Niluto lahat ni Celing ang mga tinali ni Kulas at si Kulas naman ay di na magsasabong kailanman.

c. Pagsusuring Pampanitikan:

1. b
2. c
3. a
4. b
5. a

d. Halagang Pangkatauhan:

1. b, d, e, f, i
2. b

4. Palalimin mo...

1. A, B, C, D, F, G, H

5. Gamitin mo...

- | | |
|------|-------|
| 1. X | 6. ✓ |
| 2. ✓ | 7. X |
| 3. ✓ | 8. X |
| 4. X | 9. X |
| 5. X | 10. ✓ |

6. Sulatin mo...

- | | |
|-------|-------|
| 1. e | 6. f |
| 2.] a | 7. c |
| 3.] d | 8. h |
| 4. b | 9. i |
| 5. g | 10. j |

7. Lagumin mo...

- | | |
|------|------|
| 1. * | 6. * |
| 2. * | 7. |
| 3. * | 8. |
| 4. * | 9. |
| 5. | 10. |

8. Subukin mo...


- | | |
|------|-------|
| 1. b | 6. c |
| 2. b | 7. b |
| 3. c | 8. b |
| 4. b | 9. a |
| 5. a | 10. d |

9. Paunlarin mo...

1. E
2. A
3. B
4. C
5. D

Aralin 2: Matigas Ang Ulo

1. Alamin mo...



3. Linangin mo...

a. Pagsusuring Panlinggwistika

- | | |
|------|-------|
| 1. h | 6. f |
| 2. c | 7. g |
| 3. d | 8. b |
| 4. i | 9. e |
| 5. k | 10. a |

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Tagpuan-

Saan sa baryo

Tauhan-

Indo, Ama, Ina, Lola

Suliranin-

Nahihilig sa pagbeбето-бето ang Lola

Mga Pangyayari:

1. Kinagalitan si Indo ng ama dahil sa sinamahan nito sa pagbeбето-бето ang Lola
2. Laking gulat ni Indo nang bigyan ng pera ng ama ang lola
3. Ni-raid ng pulis ang sugalan
4. Nahuli sina Indo at lola ng pulis

Resulta-

Nakulong sina Indo at Lola

c. Pagsusuring Pampanitikan

1. Si lola ang pangunahing tauhan.

Sugarol si lola

2. Binibigyan ng pera ang lola kaya may pansugal ito.

Indo- sinasamahan ang lola sa pagsusugal kaya patuloy ito sa pagsusugal

Ama – naging instrumento upang mapagbago ang lola

- 3. Suliranin – D
- Pangyayari 1- C
- Pangyayari 2 - F
- Kasukdulan - E
- Kakalasan - G
- Wakas- B
- Kongkluyon - A

4. Oo, kapani-paniwala sa dahilang talagang may magagawang paraan upang magbago ang tao.

- 5. a
- 6. a
- 7. b
- 8. a

d. Halagang Pangkatauhan

- 1. a, b, c
- 2. c

4. Palalimin mo...

Pangunahing kaisipan – May mga paraang tao’y magbabago maging sa ugali, gawain, at bisyo.

Pantulong Kaisipan – Ang matigas ang ulo napapahamak

- Na marami ang maghihirap sa sugal
- Na kaya nalilihis ng landas ang mga kabataan ay dahil sa nakikitang halimbawa sa matatanda.

5. Gamitin mo...

- 1. Hindi dahil habang sinasamahan ko siya ay mawiwili ito sa pagsusugal. Marahil kapag wala siyang kasama di na siya magsusugal.
- 2. Tulad ng ginawa ng ama sa akda, lihim ko pong isusumbong sa pulis.
- 4. Maaari ko rin pong ipahuli ang sugalan. At marahil kung mahuhuli ito ay madadala na at di na magsusugal.

6. Sulatin mo...

- 1. Kung ano ang nakikita sa matatanda, ginagaya ng bata.
- 2. Naghahangad ng kagitna,

isang salop ang nawala.

3. Kuwarta na,
naging bato pa.
4. Ang matigas ang ulo,
napapahamak.
5. Ang lahat na pinagdaanan,
bigay na aral, tandaan.

7. Lagumin mo...

A, B, D, F, I

8. Subukin mo...

- | | |
|------|-------|
| 1. a | 6. b |
| 2. d | 7. a |
| 3. c | 8. b |
| 4. c | 9. a |
| 5. d | 10. c |

9. Paunlarin mo...

- | | |
|-------------------|-------------------------|
| 1. | sugarol/matigas ang ulo |
| 2. maalalahanin | |
| 3. mapagmalasakit | mapagmura |
| 4. mapagmahal | sobrang mapagbigay |

VII Gaano Ka Na Kahusay?

- | | |
|------|-------|
| 1. a | 6. b |
| 2. c | 7. c |
| 3. b | 8. b |
| 4. d | 9. g |
| 5. b | 10. e |